

Mag-a-alas ocho na ng gabi nang may nag-doorbell sa gate. Nakatulog na pala si Pia sa harap ng TV, suot pa rin ang damit niya galing Tagaytay.

“Sino na naman kaya ito? Gabi na, ah.”

Hindi siya sanay na may bumibisita sa kanila sa ganoong oras. Madilim sa labas ng bahay kaya in-on niya ang ilaw sa gate.

Sumilip siya at namukhaan iyong driver ng malaking kotse. “Ano ho ’yun? Bakit ho?”

“Ma’am—”

Hindi na naituloy ng driver ang sasabihin. May nagbukas ng pinto sa passenger side. “Hi! Remember me?”

*Nakupo!* Hindi malaman ni Pia ang gagawin—kung tatakbo pabalik sa bahay o isasara ang gate. Tumingin siya sa driver, sa pasahero nito. *OMG!*

“You should see yourself.” He was laughing, but looked friendly.

“Ano... What are you doing here?” lito niyang tanong.

“I wanted to see you,” simpleng sagot ng kaharap.

“But why?” Hindi iyon maintindihan ni Pia.

Natawa si Philippe. “I just wanted to. Do I need a reason?”

“Okay, now you saw me. So?” Parang bratty ang dating niya,

alam iyon ng dalaga.

“I want to ask you out to dinner.” Nagkibit-balikat ang lalaki. Para bang iyon ang pinakanatural na bagay sa mundo at walang masama roon.

Lalong nalaglag ang baba ni Pia. Dinner, hindi ba dapat nasa dinner ito ngayon? “You have not had dinner?” Feeling niya, pinagtitripan lang siya nito. Pero hindi niya naman ito maitaboy. Kabastusan na iyon!

Isang kapitbahay ang sumilip sa kanila mula sa bintana ng katapat na bahay at nag-alala si Pia na baka nakakaistorbo na sila.

“I was expecting to see you there, but when I did not, I decided to leave early and look for you. Can we now have dinner?”

Ang presko! Naalala niyang ito si Philippe Verlonde, iyong French guy. Noon pa ay nahulaan na niya kung sino ang may-ari ng Verlonde account, pero hindi na lang siya kumibo. Hindi naman niya inasahan na maalala siya nito.

“But I’m not dressed.” Lumingon siya sa bahay at namataang nakatayo ang ina sa may pinto, nakikinig sa kanila.

“You look sexy,” sabi ng French.

“Bolahin mo pa ako,” aniya sa sarili, bago naalala na naka-t-shirt lang siya at shorts, ni walang bra na hinubad niya pagkauwi kanina. “You... you wait here!” Tumakbo siya papasok ng bahay.

“Ano ba ’yun?” untag ng ina.

“Niyaya niya akong mag-dinner, Ma,” bulong ni Pia habang nagsusuot ng bra. Hinalungkat niya ang kanyang bag at kinuha ang lipstick.

“Mapagkakatiwalaan mo ba ’yan? Saan mo siya nakilala?” usisa pa ng ginang.

“Kliyente, Ma.” Pumasok siya sa banyo at nagmumog ng mouthwash, pagkatapos ay nag-lipstick at hinalikan ang ina. “Safe naman ’yan. Ano ang gagawin niya? Ang laki ng mawawala sa kanya, if I cry rape,” biro ni Pia. “Come to think of it, puwede ko kayang i-charge na overtime ito?”

Tinawanan lang siya ng magulang.

“Okay, let’s go!” Palabas na siya ng gate ay nakatayo pa rin si Philippe kung saan niya ito iniwan.

Sa isang hotel coffeeshop nagpunta ang dalawa. Mayroon pa ring pailan-ilang diners ang naroroon. Dinala sila ng hostess sa isang table na malayo sa iba. Marami ang napapalingon habang sinusundan nila ang hostess; akala siguro eh playgirl si Pia o someone on call. Paano naman pagkaguwapo-guwapo ng kasama niya, pagkatapos ang dalaga, magulo ang mahabang buhok, nakasimpleng shorts and t-shirt at naka-Wow! Naka-house slippers siya! Sa hotel pa, ah!

Napangiti siya sa sarili. Okay, kunwari na lang on call siya.

Masarap palang mag-role play.